

**Hinihikayat ng mga programang IEC ang pagsasama-sama (integration) sa buong komunidad ng paaralan sa pamamagitan ng paglahok sa mga kaganapan sa buong paaralan.**

| Mga Paaralan | Address | Kontak |
|---|---|---|
| **Mga Paaralang Primarya** (Year 1 hanggang Year 6) | | |
| Atwell Primary School* | 160 Lydon Boulevard, Atwell 6164 | 6174 2400 |
| Beaconsfield Primary School | 5 Hale Street, Beaconsfield 6162 | 9432 1000 |
| Dianella Primary College | Laythorne Street, Dianella 6059 | 9263 5100 |
| Eddystone Primary School* | Littorina Avenue, Heathridge 6027 | 9406 5100 |
| Ellenbrook Primary School | 65 Fortescue Place, Ellenbrook 6069 | 9297 7300 |
| Highgate Primary School | 147 Lincoln Street, Highgate 6003 | 9253 2700 |
| Koondoola Primary School* | 50 Burbridge Avenue, Koondoola 6064 | 9345 6200 |
| Nollamara Primary School* | 101 Harrison Street, Nollamara 6061 | 9413 1550 |
| Parkwood Primary School* | Zelkova Way, Parkwood 6147 | 9235 1411 |
| Thornlie Primary School | 86 Thornlie Avenue, Thornlie 6108 | 9232 3480 |
| **Mga Senior High School** (Year 7 hanggang Year 10) | | |
| Balga Senior High School | 2 Markham Way, Balga 6061 | 9247 0219 |
| Greenwood College | Coolibah Drive, Greenwood 6024 | 9243 9200 |
| Lynwood Senior High School | 436 Metcalf Road, Parkwood 6147 | 9354 0600 |
| Melville Senior High School | 18 Potts Street, Melville 6156 | 6274 1300 |
| **Mga Senior Secondary School** (Year 11 at 12) | | |
| Cyril Jackson Senior Campus | 53 Reid Street, Bassendean 6054 | 9413 4720 |
| North Lake Senior Campus | 188 Winterfold Road, Kardinya 6163 | 9314 0444 |

*These schools currently run Pre-Primary programs for students from a humanitarian or limited schooling background.

Tagalog

Department of
**Education**

GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

# Mga Intensive English Centre

## para sa mga estudyante ng paaralang primarya at sekundarya



BY



## Ano ang mga Intensive English Centre?

**Ang mga Intensive English Centre (mga IEC) ay espesyalista sa pagtuturo ng Ingles bilang Karagdagang Wika o Diyalekto (English as an Additional Language or Dialect - EALD) sa mga kararating lamang na mga estudyante na marapat makapag-enrol sa isang pampublikong paaralan sa Western Australia.**

Ang mga estudyante sa IEC ay mula sa hanay ng mga bansang may iba't ibang mga wika at kultura, na umaambag sa isang kasiya-siya, aktibo at mapagsamang kapaligiran ng paaralan. Ang pagpasok sa IEC ay hanggang 12 buwan (o 24 na buwan kung may hawak na humanitarian visa ang mga estudyante) nababatay sa visa at mga pangangailangan ng estudyante.

Ang mga Intensive English Centre ay nasa loob ng mga karaniwang paaralan. May labing-apat na centre sa mga pampublikong paaralan sa metropolitang pook ng Perth – walo sa mga paaralang primarya, apat sa mga paaralang sekundarya, at dalawa sa mga campus ng senior school.

Hinihikayat ng mga programang IEC ang pagsasama-sama sa buong komunidad ng paaralan sa pamamagitan ng paglahok sa mga kaganapan sa buong paaralan na kinabibilangan ng mga gawaing nakapagtuturo na ginaganap sa loob ng paaralan at sa labas ng paaralan, mga sport carnival, mga pagdiriwang at mga assembly.

Ang mga IEC sa paaralang primarya ay para sa mga estudyanteng 5 hanggang 11 taong gulang, na may tatlong centre sa primary na nag-aalay ng mga klaseng Pre-primary para sa mga estudyanteng 4 na taong gulang na dumating sa bansa bilang refugee. Ang mga IEC sa paaralang sekundarya ay para sa mga estudyanteng may edad na 12* hanggang 16 na taong gulang. Ang mga IEC sa senior high school ay para sa mga estudyanteng may edad na 16 na anyos pataas.

*Ang mga estudyanteng papasok sa paaralang sekundarya sa Year 7 ay maaaring 11 taong gulang na magiging 12 taong gulang bago dumating ang Hulyo sa taong iyon.

## Mga benepisyo ng IEC

- Dalubhasang suporta sa pagtuturo ng intensibong wikang Ingles at tagubilin upang lubusang mapabuti ang kakayahan ng mga estudyante na malagay sa karaniwang (mainstream) na kurikulum.
- Mas kakaunting bilang ng estudyante sa mga klase na sumusuporta sa pansariling pagkatuto.
- Suportang pangkultura sa isang mapangalagang kapaligiran.
- Nagpakadalubhasang mga guro at pangsuportang kawani.
- Libreng serbisyo ng bus araw-araw para sa mga batang nasa edad paaralang primarya.
- Paraan sa paggamit ng espesyalistang mga serbisyong pangkalusugan.

## Kurikulum (mga kursong kailangang matapos ng estudyante) sa IEC

Ang mga Intensive English Centre ay nagbibigay ng mga iniakmang programang batay sa Kurikulum ng Western Australia.

Ang kurikulum sa IEC ay tumutuon sa mga pangangailangan sa pag-aaral ng wikang Ingles ng bawat estudyante. Upang tulungang maging maayos ang paglipat ng mga estudyante sa mga karaniwang klase, isinali sa mga batayang asignatura ang Matematika, Agham, Kaalamang Pangkatauhan at Panlipunan.

Sinusuportahan ng mga IEC ang mga estudyante upang matuto ng Ingles at maging maalam sa angkop-sa-edad na kontekstong pang-akademiya at panlipunan ng mga paaralan sa Western Australia. Nagtutulungan ang mga IEC at mga lokal na paaralan upang matiyak ang maayos na paglipat sa kanilang lokal na paaralan.

## Mga kawani sa IEC

Nag-eempleyo ang mga IEC ng mga guro sa EALD (Ingles Bilang Karagdagang Wika o Diyalekto) at mga EEA (Ethnic Education Assistant – Mga Etnikong Assistant sa Edukasyon). Ang mga guro sa EALD ay makaranasan at may kasanayang maghatid ng angkop-sa-edad na mga programa sa pagtuturo na nagsusulong sa pagkatuto na nakaayon sa kurikulum ng Western Australia. Ang mga EEA ay nagsasalita ng iba't ibang wika, na maaaring kabilangan ng unang wika ng mga estudyante sa IEC.

## Pag-access sa IEC

Ang pagiging marapat upang mag-enrol sa IEC ay batay sa mga kinakailangan at maaaring kabilangan ng:

- Mga estudyanteng nasa Year 1 hanggang Year 12, na baguhan sa pag-aaral ng Ingles, kabilang ang mga ipinanganak sa Australya;
- Mga estudyanteng may hawak na humanitarian visa at nasa Pre-Primary hanggang Year 12; at
- Mga estudyanteng bumalik sa Australya makaraan ang mahigit sa 6 na buwan.

## Pag-enrol sa IEC

- Kontakin ang inyong lokal na IEC upang makipag-appointment. (Tingnan ang listahan ng mga IEC upang makita ang pinakamalapit na centre)
- Ang sumusunod na impormasyon ay kailangan sa pag-enrol:
  - petsa ng pagdating sa Australya;
  - pangalan ng estudyante;
  - kasalukuyang tirahan;
  - mga wika/diyalektong ginagamit sa bahay;
  - numero ng visa sub class; at
  - mga detalye ng kontak.
- Upang masuportahan ang proseso ng pag-enrol, may makukuhang libreng transportasyon papunta at pauwi mula sa IEC, at serbisyo ng interpreter.

